3

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 14: Paggamit ng Panghalip Bilang Pamalit sa Pangngalan na Ito, Iyan, Iyon, Nito, Niyan, Niyon



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode Unang Markahan – Modyul 14: Paggamit ng Panghalip Bilang Pamalit sa Pangngalan na Ito, Iyan, Iyon, Nito, Niyan, Niyon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ruthel C. Albesa, Dolly Jane Jamil at Ellainee Bagaslao

**Editor:** Cristy S. Agudera**,** Lorna C. Ragos

**Tagasuri:** Arcel W. Gacasan, Edgardo D. Pamugas III, Genelly Priagola, Althea S. Llameg, Gloria C. Sabanal

**Tagawasto:** **I**ris Kristine A. Mejos

**Tagaguhit at Tagalapat:** Maria Luisa Juanir**,** Jonathan Sensano at Jecson L. Oafallas

**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, Josephine L. Fadul, Mary Jeanne B. Aldeguer, Christine C. Bagacay, Analiza C. Almazan, Lorna C. Ragos, Ma. Cielo D. Estrada, Cristy S. Agudera, Mary Jane M. Mejorada, Alma D. Mercado

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

# 3

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 14:
## Paggamit ng Panghalip Bilang Pamalit sa Pangngalan na Ito, Iyan, Iyon, Nito, Niyan, Niyon

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Kumusta ka na?

Binabati kita sa pagtatagumpay mo sa naunang gawain!

Sa modyul na ito, matutuhan mong gamitin ang mga panghalip na ito, iyan at iyon.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nakagagamit ng panghalip bilang pamalit sa pangngalan
  - ang panandang Ito/ Iyan/ Iyon (F3WG-Ie-h-3.1;
  - ang panandang Nito/ Niyan/ Niyon (F3WG-IIg-j-3.1).




## *Subukin*


Suriin ang mga larawang nasa ibaba. Isulat sa patlang ang tamang panghalip upang mabuo ang pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| Ito | Iyan | Iyon |

1. 
Ang lapis ko ay bago.
______ ay matulis na gamit.

2. 
Ang lapis ko ay bago.
______ ay matulis na gamit.

3. 
Ang lapis ko ay bago.
________ ay matulis na gamit.

4. 
Ang bola ay itim.
______ ay bilog.


5. 
Ang bola ay itim.
______ ay bilog.

# Aralin 1 Gamit ng Ito, Iyan, Iyon

## Balikan

Basahin mo ang mga pangungusap at tukuyin ang mga panghalip na pamatlig ang ginamit at isulat ito sa loob ng puno na nasa ibaba.

1. Akin ang itim na backpack. Iyan ang dadalhin ko sa biyahe.
2. Gusto kong pitasin ang mga manggang iyon sa puno.
3. Ang perang ito na hawak mo ay akin.
4. Paki abot mo nga iyang aklat sa tabi mo.
5. Nakasampay sa labas ang tuwalya. Kunin mo iyon dahil umuulan na.



# *Tuklasin*

Basahin mo ang usapan ng magkakaibigan habang sila ay nasa loob ng **mall**.

Mercy: Halika Jeneth at Ruthel, aakyat tayo sa ikalawang palapag dahil bibili ako ng damit.

Jeneth: Para saan ba ang damit na bago? Ano ba ang meron?

Ruthel: Oo nga Mercy, ano ba ang okasyon?

Mercy: Kaarawan ng mama ko bukas. Balak kong regaluhan siya ng damit.

Habang sila ay nasa RTW seksyon…

Ruthel: Ito, Mercy baka gusto mo para sa mama mo?

Jeneth: Hindi iyan bagay sa mama mo Mercy, kasi mukhang maiksi. Mas bagay iyon na suot ng **mannequin** na nasa dulo.

Mercy: Oo nga, mas gusto ko iyon, tara puntahan natin.

At saka sinabing,

Mercy: Ito ang bibilhin ko, bagay na bagay kay Mama.

At umuwi ang magkaibigan na bitbit ang bagong damit para sa mama ni Mercy.

Sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ito sa papel.

1. Sino ang magkakaibigan?
   a. Mercy, Ruthel at Jeneth
   b. Mercy, Rachel at Jeneth
   c. Mercy, Ruthel at Janeth

2. Bakit sila nasa mall?
   a. Bibili ng damit para sa mama ni Mercy.
   b. Bibili ng damit para sa mama ni Ruthel.
   c. Bibili ng damit para sa mama ni Jeneth.

3. Bakit sumama sila Jeneth at Ruthel kay Mercy sa mall?
   a. Dahil gusto nilang pumunta sa mall
   b. Dahil gusto nilang sila ang pipili ng damit para sa mama niya
   c. Dahil kaibigan nila si Mercy at gusto nila itong samahan

4. Anong salita ang ginamit ni Jeneth nang ituro ang damit na nasa malayo.
   a. Ito b.Iyan c. Iyon

5. Kung ikaw si Mercy, isasama mo rin ba ang iyong kaibigan kung bibili ka ng regalo?
   a. Hindi po, dahil ayaw ko ng may kasama.
   b. Hindi po, dahil kaya ko naman pumili ng regalo.
   c. Opo, dahil hindi ko alam ang bumili ng damit.
   d. Opo, dahil mas marami ang pipili, mas maganda ang magiging regalo.




Ano ang napansin mo sa mga larawan? Saan nakalagay ang mga lapis habang binabanggit ang mga ito?

Ano-ano ang ginamit na pamalit sa salitang lapis?



Ang lapis ko ay bago.
Ito ay matulis na gamit.



Ang lapis ko ay bago.
Iyan ay matulis na gamit.




Ang lapis ko ay bago.
Iyon ay matulis na gamit

# Suriin

Panghalip na Ito, Iyan at Iyon

Ito

Ginagamit ang panghalip na ito kung hawak ng nagsasalita ang bagay na kaniyang inilalarawan o binabanggit.




Halimbawa:

Maganda ang bola.
Ito ang paborito kong laruan.

Iyan

Ginagamit ang panghalip na iyan kung katabi o malapit sa nagsasalita ang bagay na kaniyang inilalarawan o binabanggit.



Halimbawa:

Maganda ang bola.
Iyan ang paborito kong laruan.

Iyon

Ginagamit ang panghalip na iyon kung malayo sa nagsasalita ang bagay na kaniyang inilalarawan o binabanggit.




Halimbawa:


Maganda ang bola.
Iyon ang paborito kong laruan.

## Pagyamanin


Suriing mabuti ang mga larawan at isulat sa patlang ang ito, iyan o iyon.




1. Ang ganda ng damit. ________ ang bibilhin ko.




2. Ang ganda ng damit. ________ ang bibilhin ko.



3. Ang ganda ng damit. ________ ang bibilhin ko.



4. Ang ganda ng bulaklak. ________ ang bibilhin ko.



5. Ang ganda ng bulaklak. ________ ang bibilhin ko.

# *Isaisip*



Kailan po ba ginagamit ang panghalip na ito?
Ginagamit ang panghalip na <u>ito</u> kung hawak ng nagsasalita ang bagay na kaniyang inilalarawan o binabanggit.
Sa panghalip na <u>iyan</u>, ano po ang dapat tandaan?
Ginagamit ang panghalip na <u>iyan</u> kung katabi o malapit sa nagsasalita ang bagay na kaniyang inilalarawan o binabanggit.
At kalian naman ginagamit ang panghalip na <u>iyon</u>?
Ginagamit ang panghalip na <u>iyon</u> kung malayo sa nagsasalita ang bagay na kaniyang inilalarawan o binabanggit.

# Isagawa

Basahin ang mga pahayag na nasa ibaba. Gawin ang isinasaad ng mga ito sa patlang.

1. Kung hawak-hawak mo ngayon ang isang bagay na paborito mo, paano mo ito ilalarawan gamit ang panghalip na ito?

2. Kung nasa tabi mo lang ang pinakapaborito mong prutas, paano mo ito ilalarawan gamit ang panghalip na iyan?

3. Kung malayo sa iyo ang pinakapaborito mong hayop, paano mo ito ilalarawan gamit ang panghalip na iyon?

4. Kung malayo sa iyo ang pinakapaborito mong laruan, paano mo ito ilalarawan gamit ang panghalip na iyon?

5. Kung katabi mo lang ang pinakapaborito mong bagay, paano mo ito ilalarawan gamit ang panghalip na iyan?


## *Tayahin*


Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon. Paano kaya ilalarawan ng mga bata ang mga bagay na binanggit sa bawat pahayag? Bilugan ang letra ng tamang sagot.


1. Hawak- hawak ni Ben ang robot. Paano niya ito babanggitin sa kaniyang kausap?
   a. Ito ang paborito kong laruan.
   b. Iyan ang paborito kong laruan.
   c. Iyon ang paborito kong laruan.
2. Nasa tabi ni Len ang isang bayabas. Paano niya ito babanggitin sa kaniyang kausap?
   a. Ito ang pinakamasarap na prutas.
   b. Iyan ang pinakamasarap na prutas.
   c. Iyon ang pinakamasarap na prutas.
3. Malayo ang kinatitirikan ng puno ng niyog sa magkaibigang Danny at Ted. Paano babanggitin ni Danny ang puno ng niyog kay Ted?
   a. Ito ang pinakamataas na puno rito sa atin.
   b. Iyon ang pinakamataas na puno rito sa atin.
   c. Iyan ang pinakamataas na puno rito sa atin.
4. Hawak-hawak ni Erick ang binili niyang relo. Paano niya ito babanggitin sa kausap niyang si Joel?
   a. Ito ang regalo ko para sa iyo.
   b. Iyon ang regalo ko para sa iyo.
   c. Iyan ang regalo ko para sa iyo.
5. Itinuturo ni Fatima ang ibong agila na malayo sa kaniya. Paano niya ito babanggitin kay Zenny?
   a. Iyon ang pinakamalaking ibon sa ating lugar.
   b. Ito ang pinakamalaking ibon sa ating lugar.
   c. Iyan ang pinakamalaking ibon sa ating lugar.


# *Karagdagang Gawain*


Tingnan mo ang mga larawan na nasa ibaba at sumulat ng pangungusap na ginagamitan ng panghalip na <u>ito</u>, <u>iyan</u>, at <u>iyon</u>.









# Aralin 2 Gamit ng Nito, Niyan, Niyon

## *Alamin*

Sa araling ito, inaasahang magagamit mo nang wasto ang panghalip na nito, niyan at niyon.

## *Subukin*

Punan mo ng nito, niyan, at niyon ang bawat pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| nito | niyan | niyon |



Maricel: Arlyn, mayroon ka rin bang kopya _____ng awit para sa ensayo natin mamaya para sa darating na patimpalak?

Arlyn: Naku, wala pa nga, Sige pahingi _________. Salamat.

Maricel: Walang anuman.

# Balikan

Basahin ang mga pahayag at itapat ito sa tamang larawan gamit ang pagguhit ng linya.

| Hanay A | Hanay B |
| --- | --- |
| 1. Ito ang nabili kong lapis kahapon. | a  |
| 2. Iyan ang bola na ipapahiram ko sa iyo. | b  |
| 3. Iyon ang pinakamalaking bahay dito sa aming lugar. | c  |
| 4. Iyan ang duryan na ibibigay ko sa iyo. | d  |
| 5. Iyon ang pinakamalayong saranggola na nakikita ko. | e  |

## Tuklasin

Basahin ang usapan ng magkakaibigan. Isulat ang nito, niyan at niyon sa patlang.

Bangkang Papel

Matapos ang malakas na ulan, nagkayayaan ang magkakaibigan na maglaro ng bangkang papel.



# Suriin


Ang panghalip na pamatlig na nito, niyan, at niyon ay ginagamit bilang pamalit sa mga pangngalan na nagsisimula sa ng.

- Ang nito ay ginagamit kapag ang tao, o bagay ay malapit sa nagsasalita.




Hinawakan ko ang dulo ng bote.
Hinawakan ko ang dulo nito.

- Ang niyan ay ginagamit kapag ang tao, o bagay ay malapit sa kinakausap.



Nagluto siya ng gulay.
Nagluto siya niyan.

- Ang niyon ay ginagamit kapag ang tao, o bagay ay malayo sa nag-uusap.



Ang mga bintana ng bahay ay bago.
Ang mga bintana niyon ay bago.

# Pagyamanin

Gawain1

Salungguhitan ang angkop na panghalip na pamatlig sa loob ng panaklong upang makabuo ng wastong pangungusap.

1. May nakita si Roy na kalapati sa bubong. Nasaan kaya ang bahay (nito, niyan, niyon)?
2. Ito ang bisiklita ni David. May butas daw ang gulong (nito,niyan, niyon).
3. Kanina ka pa riyan sa sasakyan. Ano ba ang sira ng makina (nito, niyan, niyon)?
4. Paborito ko itong kainin. Pabili ako (nito, niyan, niyon).
5. Nakita mo ba ang kapares (nitong, niyang, niyong) sapatos ko?

Gawain2

Basahin ang mga pangungusap. Isulat kung **Tama** o **Mali** ang gamit ng panghalip na pamatlig.

____ 1. Ikaw ba ang may-ari niyang bola na hawak mo?

____ 2. May inihain akong pansit sa kusina. Gusto mo bang kumain nito?

____ 3. Tinitingnan ni Bb. Imee ang mga larawan sa paskilan. "Sino ang gumawa nito?", tanong niya kay Myrna.

____ 4. Luma na ang laruan kong iyon. Ang mga parte niyon ay sira-sira na.

____ 5. Manonood ba kayo ng sine sa Sabado? Oo, manonood kami nito.

## Isaisip

Tandaan na ang pagkakaiba ng mga panghalip na pamatlig na nito, niyan, at niyon ay ang kalayuan ng tinutukoy na pangngalan sa taong nagsasalita at sa taong kinakausap.

| Panghalip na Pamatlig | Kinaroroonan ng Pangngalan |
|---|---|
| nito<br>niyan<br>niyon | malapit sa nagsasalita<br>malapit sa kinakausap<br>malayo sa nag-uusap |

## Isagawa


Bilugan ang panghalip na pamatlig na ginamit sa usapan.


Hawak ni Ginoong Santos ang mga bahagi ng nabasag na bintana. "Sino ang nakabasag nito?", tanong ni Ginoong Santos sa mga mag-aaral. "Hindi po kami ang nakabasag niyan," sagot ni Markus.


Tinitingnan ni Bb. Marcelino ang isang larawan sa eksibit. "Napakaganda ng larawan! Sino ang gumawa nito?" tanong ni Bb. Marcelino.
"Si Teresa po ang gumawa niyan. Magaling po siya gumuhit," sagot ni Corinna.


# Tayahin


Piliin at bilugan ang tamang panghalip na pamatlig para sa larawan.

1.  nito niyan niyon

2.  nito niyan niyon

3.  nito niyan niyon

4.  nito niyan niyon


5.  nito niyan niyon

# Karagdagang Gawain


Palitan ng tamang panghalip na pamatlig ang mga salitang may salungguhit. Gamitin ang nito, niyan, niyon.



1. Uminom ako ng tubig.
   Uminom ako _______.




2. Gumagawa kami ng sapatos
   Gumagawa kami _______.






3. Nagbebenta sila ng pamaypay.
   Nagbebenta sila ________.



4. Kakain kami ng keyk.
   Kakain kami ________.



5. Bumili siya ng pagkain.
   Bumili siya ________.



# Susi sa Pagwawasto

## Aralin 1

| Tayahin | Isagawa | Pagyamanin | Tuklasin | Balikan | Subukin |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. a<br>2. b<br>3. b<br>4. a<br>5. a | (Mga Posibleng Sagot)<br>1.Ito ang paborito kong laruan.<br>2. Iyan ang paborito kong prutas.<br>3.Iyon ang paborito kong hayop.<br>4. Iyon ang paborito kong laruan.<br>5.Iyan ang paborito kong bagay. | 1.Iyan<br>2. Ito<br>3. Iyon<br>4. Iyon<br>5. Iyan | 1. a<br>2. a<br>3. c<br>4. c<br>5. d | 1.iyan<br>2. Iyon<br>3. Ito<br>4. Iyang<br>5. Iyon | 1. Ito<br>2. Iyan<br>3. Iyon<br>4. Iyan<br>5. Ito |

| Karagdagang Gawain |
|---|
| (Magkaiba ang sagot ng mga bata.) |

## Aralin 2

| Balikan | Subukin |
|---|---|
| 1. d<br>2. e<br>3. b<br>4. a<br>5. c | Maricel: Arlyn, mayroon ka rin bang kopy <u>nitong</u> awit para sa ensayo natin mamaya para sa darating na patimpalak?<br>Arlyn : Naku, wala pa nga, Sige pahin <u>niyan</u>. Salamat.<br>Maricel : Walang anuman. |

| Karagdagang Gawain | Tayahin | Isagawa | Pagyamanin Gawain 2 | Pagyamanin Gawain 1 | Tuklasin |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. nito<br>2. niyan<br>3. niyon<br>4. niyan<br>5. niyan | 1. nito<br>2. niyan<br>3. niyan<br>4. niyan<br>5. nito | 1. nito<br>2. niyon<br>3. niyan<br>4. niyan<br>5. nito | 1. tama<br>2. mali<br>3. tama<br>4. tama<br>5. mali | 1.niyon<br>2. nito<br>3. niyan<br>4. nito<br>5. nitong | 1.nitong<br>2. niyan<br>3. nito<br>4. niyon |

# *Sanggunian*

*K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum sa Filipino*. DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City Philippines.

*K to 12 Most Essential Learning Competencies (MELC) for Filipino Grade 3*. DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City Philippines.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph